DOKUMENTO NG IMPORMASYON

nystateofhealth™
The Official Health Plan Marketplace



ILANG IMPORMASYON SA

# Mga Opsiyon sa Insurance sa NY State of Health sa Panahon ng Emergency na Dulot ng Coronavirus

**May karapatan ka sa abot-kayang pangangalagang pangkalusugan.**

**Ang NY State of Health ay ang opisyal na Marketplace ng plan sa kalusugan ng New York.**

**Magpatala ngayon.**

Online sa nystateofhealth.ny.gov

Sa pamamagitan ng telepono sa
1-855-355-5777
TTY: 1-800-662-1220

Makipag-ugnayan sa isang Tagagabay sa Pagpapatala (Enrollment Assistor) sa info.nystateofhealth.ny.gov/findassistor

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at batas ng estado, at hindi ito nandidiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pananampalataya/relihiyon, kasarian, edad, katayuan ng pagpapakasal/pamilya, rekord ng pagkakaaresto, (mga) kriminal na pagkakahatol, kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, mga katangiang henetiko na nagpapataas ng pagkakataong magkaroon ng mga partikular na sakit, katayuan sa militar, katayuan ng pagiging biktima ng karahasang pantahanan at/o paghihiganti.

**Narito ang NY State of Health para sa iyo. Nakatuon kami sa pagtulong sa iyong makuha ang saklaw na kailangan mo para makuha mo ang pangangalagang kailangan mo.**

## Kung Wala Kang Insurance:

- Ang sinumang walang insurance ay dapat na **mag-apply ngayon** sa pamamagitan ng NY State of Health.
- Nagbukas ang New York ng panahon para sa espesyal na pagpapatala para sa "mga di-pangkaraniwang sitwasyon" para sa sinumang walang insurance para mag-apply para sa saklaw sa Qualified Health Plan.
- Bukas ang pagpapatala sa lahat ng Mga Programa ng NY State of Health: Medicaid, Essential Plan, Child Health Plus, at Qualified Health Plans.

## Kung Nawalan Ka ng Trabaho at Saklaw sa Kalusugan:

- Kung nawalan ka ng iyong insurance sa kalusugan na base sa employer, **mag-apply ngayon** sa pamamagitan ng NY State of Health.
- Maaaring kwalipikado ka para sa libre o abot-kayang saklaw sa pamamagitan ng Medicaid, Essential Plan, Child Health Plus, o maaaring kwalipikado ka para sa isang Qualified Health Plan na may mga kredito sa buwis.
- Tumawag sa amin, bisitahin ang aming website, o kausapin ang isang tagagabay sa pagpapatala para alamin ang higit pa.
- Mag-apply sa pamamagitan ng Marketplace sa loob ng 60 araw mula nang mawalan ka ng saklaw sa insurance sa kalusugan na base sa employer.

ILANG IMPORMASYON SA

# Mga Opsiyon sa Insurance sa NY State of Health sa Panahon ng Emergency na Dulot ng Coronavirus

## Kung Mayroon Kang Insurance sa pamamagitan ng NY State of Health ngunit Nagbago ang Iyong Mga Sitwasyon:

- Ang sinumang nakaranas ng pagbabago sa kita, trabaho, o anumang pangunahing pangyayari sa buhay, ay maaaring kwalipikado para sa higit pang pinansiyal na tulong na maaaring magpababa sa iyong mga gastusin. I-update ang impormasyon ng iyong account ngayon- online o sa pamamagitan ng pagtawag sa isang tagagabay sa pagpapatala.
- Ang lahat ng mga nakatala sa Medicaid, Child Health Plus, o Essential Plan na nakatakdang mag-renew ng saklaw sa Abril o Mayo 2020 ay magkakaroon ng ekstensiyon na apat na buwan sa petsa ng kanilang pag-renew.
- Maaaring may higit na oras para magbayad ng anumang premium na dapat bayaran sa panahon ng emergency sa pampublikong kalusugan ang mga indibidwal na nakatala sa saklaw na mayroon at walang subsidy sa New York State. Makikita ang higit pang impormasyon tungkol sa mga panahon ng palugit na ito sa Department of Financial Services (Departamento ng Mga Serbisyong Pinansiyal) at NY State of Health.

## Mayroong Tatlong Paraan para Mag-apply:

### 1: Magpatala sa Pamamagitan ng Aming Website: nystateofhealth.ny.gov

- Bisitahin kami online at tutulungan ka naming makahanap ng plan sa pangangalagang pangkalusugan na mainam para sa iyo.

### 2: Magpatala Gamit ang Telepono sa Pamamagitan ng Tagagabay sa Pagpapatala

- Handang tumulong ang libo-libong tagagabay sa pagpapatala sa buong estado. Mag-click sa isa sa mga link sa ibaba para humanap ng isa:
  - Maghanap ng Navigator dito
  - Maghanap ng ibang Tagagabay sa Pagpapatala rito

### 3: Magpatala Gamit ang Telepono sa Pamamagitan ng Serbisyo sa Customer:

1-855-355-5777

**Ang mga karagdagang update tungkol sa Novel Coronavirus ay makikita dito. Tingnan itong muli para manatiling updated.**